## FIRST SUMMATIVE TEST IN EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

A.Panuto. Tama o Mali. Isulat ang T sa patlang kung wasto ang isinasaad ng bawat pangungusap at M kung di – wasto.

________1. Kailangang ipakita at pagyamanin ang mga kakayahang ibinigay sa atin ng Diyos.
________2. May ibat ibang kakayahan ang bawat tao.
________3. Bilang bata, unti-unti mong natututuhan at nalalaman ang mga kakayahang taglay mo.
________4. Ang pagkukusa ay isang mahalagang gawain na dapat isakatuparan.
________5. Huwag gawin ang mga iniatang na gawain kahit ito ay kaya mo.
________6. Ang pagtitimpi ay damdaming nagpapakita ng katatagan ng loob.
________7. Ang kakayahan natin ay bigay ng Panginoon.
________8. Paunlarin natin ang ating mga kakayahan.
________9. Kung kayang gawin ang isang bagay, gawin nang may pagkukusa.
________10. Nakakatulong sa kapwa ang paggamit nang wasto ng ating kakayahan.
________11.Kailangang ipagyabang mo sa iba ang iyong mga kakayahan.

B.Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa guhit bago ang bilang.

_____12. Magkakaroon ng paligsahan sa pag-awit at nagkataon na magaling kang umawit.Ano ang gagawin mo?
A. Huwag ipakita ang kakayahan C. Sumali ng buong husay
B. Huwag sumali D. Mahiyang sumali

_____13. Si Arnel ay batang pilay subalit napakahusay niyang gumuhit. Kung ikaw ang nasa kalagayan niya, sasali ka ba sa paligsahan sa pagguhit?
A. Oo, dahil takot ako sa guro C. Oo, dahil kailangang ibahagi ko ang aking talent
B. Hindi, dahil nahihiya ako D. Hindi, dahil baka di ako manalo

_____14. Lahat ng iyong kamag-aral ay marunong sumayaw maliban sa iyo. Nagkataong kailangang magpakita ng talento ang inyong klase. Ano ang gagawin mo?
A. Magmumukmok na lang sa isang sulok B. Sasali kahit di marunong
C. Iiyak dahil kakantiyawan ng kaklase D. Magsasabi ng tunay sa guro at sasabihin ko din ang taglay kong kakayahan.

_____15. Umuwi ka ng bahay galing sa paaralan. Nadatnan mo na madaming pinagkainan sa lababo. Anong gagawin mo?
A. Di na lang papansinin ang nakita B. Magdadahilan na masakit ang ulo upang di mapaghugas
C. Huhugasan ko ng kusa ang mga plato D. Ipagpapabukas ko ang paghuhugas

______16. Pagkagising ni Arlene, nakita niyang makalat ang sahig. Ano kaya ang dapat niyang gawin?
A. maghugas B. magbunot C. magwalis D. magdilig

______17. Sa paaralan, maraming dala si Mrs. Reyes, napansin ito ni Arnel. Paano niya ipapakita ang kaya niyang gawin?
A. Balewalain ang guro. B. tulungang bitbitin ang dala C. walang nakita D. Batiin ang guro.

C. Lagyan ng tsek (/) ang bilang nagpapakita ng kakayahang ibinigay ng Diyos at (X) ekis kung hindi.

______18. Umawit sa koro ng simbahan.
______19.Umarte sa isang pang – entabladong pagtatanghal.
______20.Maglaro ng tumbang preso..
______21. Hindi makikilahok sa paggawa ng poster.
______22.Sumali sa field demonstration

LIVEWORKSHEETS

D.Basahing mabuti ang mga pangungusap at isulat ang letra na may tamang sagot.

____23. Ang pagsali sa isang paligsahan ay nagpapakita ng iyong natatanging kakayahan?
A. Tama
B. Mali
C. Siguro
D. Ewan

____24. Ang mga sitwasyon sa ibaba ay nagpapakita ng kakayahan na bigay ng Diyos maliban sa isa ,alin ito?
A. Sumali sa payanam/interview.
B. Pagtanggi sa paglahok sa palatuntunan sa paaralan.
C.Tumula sa loob ng silid-aralan.
D. Makilahok sa slogan contest.

____25. May patimpalak sa inyong paaralan sinabihan ka ng iyong guro na sumali dahil alam niyang magaling kang umawit. Ano ang gagawin mo?
A. Bahala na.
B. Ayoko dahil nahihiya ako.
C. Sasali ako upang maipakita ko ang kakayahan ko sa pag-awit.
D. Magkukunwaring hindi ko siya naririnig.

____26.Isa ka sa naatasan ng iyong guro na maging lider ng pangkatang gawain. Ano ang gagawin mo?
A. Liliban sa klase
B. Magagalit sa iyong guro
C.Gagampanan ang tungkuling ibinigay sa iyo ng buong husay
D.Gagawin ng mag-isa ang pangkatang Gawain

____27. Si Doktor Santiago ay may kakayahang manggamot. Kahit may banta ng COVID-19 siya ay patuloy pa ring nanggagamot sa mga may sakit. Tama ba ang kaniyang ginagawa?
A. Tama
B. Mali
C. Marahil
D. Hindi ko alam

E. Sumulat ng tatlong pangungusap tungkol sa mga kakayahan ng isang batang tulad mo.

28.____________________________________________________________
______________________________________________________________
29.____________________________________________________________
______________________________________________________________
30.____________________________________________________________
______________________________________________________________

LIVEWORKSHEETS